### Paano kung mapatunayang nagkasala ang aking partner?

Kung mapatunayang nagkasala ang iyong partner ng krimeng karahasan sa tahanan, siya ay maaaring sentensiyahan na tumanggap ng pagpapayo, hanggang sa pangangasiwa ng isang opisyal sa probasyon o parol, at maaari siyang makulong. Ang Korte ay maaaring mag-isyu ng pinalawig na Kautusang Walang Kontak para sa iyong proteksiyon.

### Ano pa ang maaari kong gawin upang maging ligtas?

Puwede kang humiling ng Kautusan para sa Proteksiyon. Ang uring ito ng kautusan ay puwedeng pigilan ang iyong partner na pumasok sa iyong bahay, pagbawalan siyang guluhin o kontakin ka, pagbawalan siyang ilabas ang iyong mga anak mula sa Estado ng Washington, at puwedeng bumuo ng isang pansamantalang iskedyul para sa pagdalaw. Hindi mo kailangang maging isang mamamayan o magkaroon ng "green card" upang makakuha ng Kautusan para sa Proteksiyon. Puwede kang humingi ng ganitong uri ng kautusan sa korteng pinakamalapit sa iyo. Ikaw ay tutulungan ng isang espesyal na tagapagtaguyod.

Puwede mong kontakin ang isa sa mga ahensiyang nakalista sa ilalim ng Mga Tagapagdulot sa Komunidad. Ang lahat ng ahensiyang ito ay pribado at hindi bahagi ng gobyerno. Ang isang tagapagtaguyod ay makakatulong sa iyo na bumuo ng isang planong pangkaligtasan, at hahanap ng damit, pagkain, tirahan at suporta.

Puwede kang makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, na naiintindihan ang iyong kalagayan at makakatulong sa iyo.

Puwede mong malaman ang iyong karapatan, at deretso kang makakakuha ng tulong ng abugado mula sa isa sa mga ahensiyang nakalista sa ibaba.

### Mga Takbuhan sa Komunidad

Ang mga ahensiyang nakalista sa iba ay pribadong lahat at hindi bahagi ng gobyerno o ng INS.

- **Abused Deaf Women's Advocacy Services**
  (TDD lamang)
  206-236-3134
- **Asian/Pacific Islander Women & Family Safety Center**
  206-467-9976
- **Chaya (para sa mga babae mula sa Timog Asya)**
  206-325-0325
- **Consejo Counseling & Referral Service**
  206-461-4880
- **Domestic Abuse Women's Network (DAWN)**
  425-656-7867
- **Eastside Domestic Violence Program**
  425-746-1940 or 1-800-827-8840
- **Jewish Family Service**
  206-461-3240
- **New Beginnings**
  206-522-9472
- **Northwest Network for Bisexual, Trans, & Lesbian Survivors of Abuse**
  206-568-7777, 206-517-9670 tty msg
- **Refugee Women's Alliance (naglilingkod sa 14 na komunidad ng wika)**
  206-721-0243
- **Seattle Indian Health Board**
  206-324-9360, ext. 802
- **YWCA**
  206-568-7845 or 425-226-1266

### Mga Tagapagdulot na Nauukol sa Batas

- **CLEAR** (Coordinated Legal Education Advice and Referral System): Isang walang-bayad na serbisyong pantelepono para sa libreng tulong ng abugado sa mga isyung sibil.
  **888-201-1014, TTY 1-888-201-9737**
- **Northwest Immigrants Rights Project,**
  206-587-4009 or 800-445-5771
- **Northwest Justice Project**
  206-464-1519, www.nwjustice.org
- **Northwest Women's Law Center**
  206-621-7691

*Ang proyektong ito ay sinuportahan ng Gawad Blg. 2001-WF-BX-003 na iginawad sa Seattle Municipal Court ng Violence Against Women Grants Office, Opisina ng mga Programang Panghustisya, Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos. Ang mga pananaw sa dokumentong ito ay mula sa awtor at hindi kumakatawan sa paninindigan o mga patakaran ng Kagawaran ng Hustisya.*

TAGALOG

BE\81613 MUNI COURT-MULTI LANGUAGE STOP DOMESTIC VIOLENCE FLYER\TAGALOG.P65 rev. 12/17/02

# KUNG MAYROONG NANANAKIT SA IYO SA TAHANAN

# MAY MGA BATAS UPANG PROTEKTAHAN KA

*Impormasyon para sa Seattle at King County, WA*

## Ano ang Karasahan sa Tahanan?

Ang iyo bang partner (asawa, boyfriend o "dating" karelasyon) ay seloso? Inilalayo ka ba niya sa iyong mga kaibigan at pamilya? Tinatangka ba niyang pigilan kang makakuha ng trabaho? Nagbanta na ba siya na ilalayo sa iyo ang iyong mga anak? Pinagbabantaan ka ba niya na ipapatapon mula sa bansang ito?

Sinaktan ka na ba ng iyong partner ang iyong katawan, halimbawa, sa pamamagitan ng pagsampal, pagtulak, pagsuntok, pagsipa, pagsakal sa iyo, o pagsabunot sa iyong buhok? Nagbanta na ba siyang saktan ka sa pamamagitan ng mga sandatang tulad ng baril, patalim, o ibang mga bagay? Sinasabi ba niya na ang karahasan ay kasalanan mo?

Kung sumagot ka ng oo sa mga tanong na ito, ikaw ay nasa isang relasyon na mapang-abuso. Maaaring ikaw ay nasa panganib. Hindi ka nag-iisa. Maraming ibang tao na nasa ganyang kalagayan. Makakakuha ng tulong sa mga ahensiyang nakalista sa polyetong ito.

Sa polyeton ito, tinutukoy namin ang lalaki bilang abusero pero, sinuman, lalaki o babae, ay maaaring maabuso ng kanilang partner.

## Ang Karahasan sa Tahanan ay labag ba sa batas?

Maraming anyo ng karahasan sa tahanan na labag sa batas sa Estado ng Washington. Labag sa batas para sa iyong asawa o partner na saktan ang iyong katawan sa anumang paraan, na pilitin kang makipagtalik kapag ayaw mo, na pagbantaan na sasaktan o papatayin ka o ang iyong mga anak, o sisirain ang iyong ari-arian. Kung ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, may mga batas na magpoprotekta sa iyo.

## Dapat ba akong tumawag ng pulis?

Kung ikaw ay nasa panganib, tumawag ng 9-1-1 upang makahingi ng tulong sa pulis, Hihingin sa iyo ang tamang kalye ng iyong tirahan, isang malinaw na paglalarawan ng nangyari, kailan ito nangyari, ang pangalan ng iyong partner, petsa nang ipanganak, numero ng plaka ng sasakyan, at isang pisikal na paglalarawan (kulay ng buhok, kulay ng balat, edad, taas, bigat). Ang opereytor ay magpapadala ng mga pulis sa iyong tahanan. Maaaring kailanganin mong maghintay sa kanilang pagdating. Kung natatakot ka, sabihin sa opereytor na huwag umalis sa linya.

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, sabihin sa opereytor ng 911 ang pangalan ng wikang sinasalita mo (sa Ingles) Ikukunekta ka ng opereytor ng 911 sa isang nagsasalita ng iyong wika (sa linyang pangwika ng AT&T). May makakausap kang dalawang tao, ang tagasalin at ang opereytor ng 911.

## Ano ang mangyayari kapag dumating ang mga pulis?

Pagdating ng mga pulis, ikaw at ang iyong partner ay paghihiwalayin nila at magtatanong sa bawat isa sa inyo ng maraming tanong. Magbigay ng impormasyong makakayang ibigay tungkol sa insidente. Kung nasaktan ka, ipakita sa mga pulis ang iyong mga pasa, marka, sugat o ibang mga pinsala. Kung sinaktan ka o tinakot na ng iyong partner sa ibang mga pagkakataon, sabihin sa mga pulis ang mga detalye ng mga nangyari.

May karapatan kang magbigay ng pahayag sa mga pulis. Ang iyong anak, partner at ibang mga miyembro ng pamilya ay HINDI dapat gamitin para maging tagasalin ng wika para sa iyo. Ang mga pulis ay makakatawag ng tagasaling pantelepono para sa iyo. Puwede mong magsulat ng paglalarawan ng pagsasalarawan sa iyong sariling wika at sabihin sa mga pulis na idagdag ito sa kanilang ulat. Kung may mga baril sa iyong tahanan, sabihin sa mga pulis kung nasaan ang mga ito. Gayon din, humingi ng numero ng insidente at isulat ito.

Hindi patakaran ng mga lokal na ahensiya ng pulisya na iulat ang biktima ng karahasan sa tahanan sa Immigration and Naturalization Service. Kapag tinanong ka tungkol sa iyong katayuang pang-imigrasyon, puwede mong sabihin sa pulis na ayaw mong sumagot, at kailangan mong makipag-usap sa isang abugado.

## Ano ang mangyayari kung inaresto ang iyong partner?

Maaaring arestuhin ng mga pulis ang iyong partner kung naniniwala sila na may ginawa itong krimen. Kapag siya ay dinala ng mga ito sa kulungan, siya ay maaaring palabasin sa loob ng ilang oras, o siya ay maaaring ikulong ng mga ilang araw o mas matagal. Puwede kang makatanggap ng pabatid na tawag sa telepono tungkol sa pagpapalaya sa kanya mula sa kulungan kung ikaw ay magpagparehistro sa VINE (makukuha para sa King County lamang), isang sistema ng pagtawag sa telepono na ginagamitan ng computer. Upang magparehistro sa libreng serbisyong ito, tumawag sa 1-877-425-8463.

## Ano ang mangyayari pagkatapos arestuhin ang aking partner?

Kung inaresto ang iyong partner, ang tagausig ay maaaring magpasiya na magsampa ng mga habla laban sa kanya. Hindi ikaw ang magpapasiya kung itutuloy o tatanggalin ang mga paratang laban sa kanya. Ang tagausig lamang ang makakagawa ng desisyon na magsampa o magtanggal ng mga paratang.

Sa unang pagdinig sa korte, ang hukom ay maaaring mag-isyu ng No Contact Order (Kautusang Walang Kontak), na mag-uutos sa iyong partner na huwag lalapit sa iyo. Kapag kinontak ka niya nang personal, sa telepono o sa koreo, puwede kang tumawag ng 9-1-1 at siya ay puwedeng arestuhin muli.

Ang Kautusang Walang Kontak ay pangkaraniwang hindi nagbibigay ng proteksiyon para sa iyong mga anak. Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa kaligtasan ng iyong mga anak, o mga kaayusan sa pagdalaw, kailangan mong humiling ng Order for Protection (Kautusan para sa Proteksiyon ).

## Paano kung kailangan kong pumunta sa korte?

Sa isang kasong kriminal, maaaring magkaroon ng maraming pagdinig ng korte. Kung mayroong paglilitis, ikaw ay pasasabihan sa telepono o sa liham na ikaw ay inaasahang humarap sa korte. Kung may nagbabanta sa iyo upang pigilan kang pumunta sa korte, iyan ay isang krimen at puwede mong iulat ito sa mga pulis.

Isang tagapagtaguyod ang tutulong sa iyo sa mga dapat gawin sa korte. Tiyakin na alam ng iyong tagapagtaguyod kung saan ka kokontakin. Sa korte, ang tagausig at ang mga abugado ng depensa ay maaaring magtanong tungkol sa nangyaring karahasan sa tahanan.

## IMayroon bang higit sa isang korte?

Sa King County, maraming magkakaibang korte. Ipapaliwanag sa iyo ng tagapataguyod mo ang sistema ng korte. Ang mga lokal na korte (Munisipal at Distrito) ay dumidinig ng mga krimeng "misdemeanor" (mas mababang antas). Ang Korteng Superyor ng King County ay dumidinig ng mga krimeng "felony" (mas matindi), at mga bagay na nauukol sa pamilya tulad ng diborsiyo at pangangalaga ng anak. Ang mga Kautusan para sa Proteksiyon ay makukuha sa lahat ng mga korteng ito.

Kung ikaw at ang iyong partner ay may mga kaso sa higit sa isang korte, huwag ipagpalagay na ang hukom sa isang korte ay may impormasyon tungkol sa kaso sa ibang mga korte. Ang bawat korte ay tumatakbo nang malaya sa iba. Dapat mong dalhin ang lahat ng may kaugnayang dokumento, kabilang ang mga Kautusan para sa Proteksiyon at mga Kautusan na Walang Kontak, sa bawat pagdinig ng korte, at tiyakin na alam ng iyong tagapagtaguyod ang iyong ibang mga kaso.